


Senior High School

# FILIPINO SA PILING LARANG (SINING AT DISENYO) Kwartar 4 – Modyul 2: Ang Mga Sining Panteatro



PAG-AARI NG PAMAHALAAN  
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino sa Piling Larang – Sining at Disenyo**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikaapat na Markahan - Modyul 2: Ang Mga Sining Panteatro**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumubuo ng Modyul para sa Mag-aaral**

**Manunulat:** Priscilla F. Canoy, PhD, Dolores A. Tacbas

**Mga Tagasuri:** Anita M. Gomez, PSDS, Maria Dulce Cuerquiz, MT  
Mark Brian T. Banguis, Ma. Rosalyn A. Jangao

**Mga Tagaguhit at Nag-layout:**

Mr. Ryan Roa Ms. Mary Sieras, Mr. Allan Guibone  
Mrs. Alma Sheila Alorro, Mr. Jonas Ranalan

**Mga Tagapangasiwa:**

Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III Panrehiyong Direktor

**Pangalawang Tagapangulo:** Dr. Victor G. De Gracia Jr. CESO V  
Pumapangalawang Panrehiyong Direktor

Cherry Mae L. Limbaco, PhD, CESO V  
Tagapamanihala

Alicia E. Anghay, PhD, CESE  
Pumapangalawang Tagapamanihala

Mala Epra B. Magnaong, Hepe ES, CLMD

Mga Miyembro: Lorebina C. Carrasco, OIC-CID Chief

Sol P. Acheron, PhD, EPS-Filipino, Brenda P. Galarpe, SSP- 1  
Marisa D. Cayetuna, P-1, Aniceta T. Batallones, MAFIL  
Leonor C. Reyes, MAEDFIL, Joel D. Potane, LRMDs Manager  
Lanie O. Signo, Librarian II, Gemma Pajayon, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng  
Departamento ng Edukasyon – Dibisyon ng Cagayan de Oro City  
Office Address: Fr. William F. Masterson Ave Upper Balulang Cagayan de Oro  
Telefax: (08822)855-0048 E-mail Address: cagayandeoro.city@deped.gov.

**FILIPINO SA PILING  
LARANG  
(SINING AT DISENYO)**  
Kuwartar 4 – Modyul 2:  
Ang Mga Sining Panteatro

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.


Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang modyul na **FILIPINO SA PILING LARANG** (Sining at Disenyo) Kuwarter 4 – Modyul 2: Ang mga Sining Panteatro ay inihanda upang malinang ang iyong kakayahan bilang isang mag-aaral sa Senior High School. Sa ika-21 na siglo, nagkaroon nang malawakang pagsasanib ng kakayahan ng tao at teknolohiya.


Kahit pa man sa panahong ito na pinipigilan tayo ng nakamamatay na Virus-COVID-19, ay dapat hindi tayo matakot, bagkus sisikapin natin bilang mag-aaral na labanan ang hamon ng kasalukuyang sitwasyon. Nasa bahay ka man o sa paaralan, isipin mo lang na kaya mong mapagtagumpayan ang lahat ng ito. Kaya, ang mga inihandang aralin at gawain sa modyul na ito ay ikasisiya mo sapagkat mas lalo mo pang malilinang ang iyong kakayahan sa pamamagitan ng pag-unawa, pagmamasid at panonood sa mga sumusunod tulad ng teleserye, dula, shadow play, puppet show at iba pa mula sa iba't ibang *Online site*.

### **Ang Modyul na ito ay nahahati sa dalawang aralin:**

- Aralin 1 – Ang Sining Panteatro: Dula at Teleserye
- Aralin 2 – Ang Sining Panteatro: Shadow Play at Puppet Show

### **Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:**

1. Nakatutukoy ng mahahalagang elemento ng mahusay na sulating pansining na pinanood na teleserye, dula, shadow, play, puppet show, atbp.  
(CS\_FSD11/12PD-0I-n-89)



## Subukin

### Panimulang Pagtataya

**Panuto** A. Punan ng angkop na sagot ang patlang upang mabuo ang diwa nito. Hanapin sa loob ng kahon ang mga kasagutan. Isulat ang iyong sagot sa hiwalay na sagutang papel.

Dayalogo,    iskrip,    director,    actor,    manonood,    tanghalan,    tema
--

1. Ang mga \_\_\_\_\_ o gumaganap ang nagsasabuhay sa mga tauhan sa iskrip. Sila ang bumibigkas ng dayalogo o bumibitaw ng mga linya. Sila rin ang nagpapakita ng iba't ibang damdamin na pinanonood ng mga tao sa tanghalan.
2. Ang \_\_\_\_\_ ay mga binibitawang linya ng mga aktor na siyang sandata upang maipakita at maipadama ang mga emosyon. Nagiging mas maganda at makapangyarihan ang dula kung may mga malalakas at nakatatagos na mga linyang binibitawan ng mga aktor.
3. Ang \_\_\_\_\_ ang siyang nagpapakahulugan sa isang iskrip. Siya ang nag-iinterpret ng iskrip mula sa pagpapasya sa itsura ng tagpuan, damit o kasuotan ng mga tauhan hanggang sa paraan ng pagganap at pagbigkas ng mga tauhan.
4. Ang mga \_\_\_\_\_ ang nagbibigay-halaga sa dula. Ang karaniwang target ng pagtatanghal ng dula ay ang mga ito.
5. Ang \_\_\_\_\_ ay tumutukoy sa lugar kung saan napagpasyahang itanghal ang isang dula. Ang tanghalan ay maaaring isang kalsada, isang silid, o isang tahanan na napili upang pagtanghalan ng dula.

B. Ibigay ang mga uri ng isang dula

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

# Ang Sining Panteatro: Dula at Teleserye



## Balikan

A. Natutunan mo na ang kahulugan ng mga sining at disenyo sa nakaraang kwarter, ngunit kinakailangan mong balikan sapagkat may kinalaman ito sa mga aralin, gawain at pagsusuri na iyong isasagawa.

### Sining

- ekspresyon o aplikasyon ng malikhaing gawain o imahinasyon ng tao sa iba't ibang anyo, musika, sayaw, pintura, eskultura, na pinahahalagahan sa kagandahan o estetika at epektong emosyunal nito.
- isang pagpapadama ng damdamin
- Kapag ang isang madlang tagapagtangkilik ay nakauugnay din sa damdaming ito, ang nalikhang sining ay magiging isang matagumpay na sining sa harap ng madla.
- Ang una at pinakamalawak na diwa ng sining ay nangangahulugan ng "pagkakaayos" o "ayusin".

### Disenyo

- ay ang pagpaplanong naglalatag ng basehan para sa paggawa ng bawat isang bagay o sistemang may taglay na kaisipan at damdaming nais ipahayag;
- ang kinalabasan o resulta ng pagpapatupad ng plano sa anyo ng isang nabuong produkto ng isang proseso ng pagdidisenyo.
- tumutukoy sa proseso ng pagsisimula at pagpapaunlad ng isang plano para sa isang produkto, kayarian, sistema,
- tungkulin, at layunin sa pagkalikha.  
<https://tl.wikipedia.org/wiki/Disenyo>

### Elemento ng Sining:

**LINYA:** tuwid, kurbado, maalon at zigzag na linya ay maaring maglinaw ng direksyon o makapagpapahiwatig ng namamayaning damdamin at intension ng kapwa sining at manlilikha nito.

**KULAY:** pagtitimpla ng mga kulay na maaring mapusyaw o matingkad.

Tatlong katangian nito: hue, saturasyon at katingkaran

**HUGIS:** balangkas ng isang bagay; nagtatanghal at naghuhugis din ng mga senaryo ng kalungkutan, kasawian, kasiyahan, kalayaan at tagumpay

**ESPASYO:** positibo at negatibong lugar; kaayusan ng mga detalye sa isang komposisyon at sa kinalalagyan nito sa loob ng isang establisimyento o pampublikong espasyo.

**TEKSTURA:** makinis, magaspang, madulas, makapal, manipis o di kaya'y napakapino.

**VALYU:** digri ito ng kaliwanagan o kadiliman sa isang pinta o obra

**VOLYUM:** haba, kapal, bigat o hubog ng likhang-sining



## Tuklasin

Bago mo isagawa ang mga sulatin at iba't ibang gawain, basahin mo muna ang mga sumusunod na halimbawa ng sining panteatro na nakatala sa ibaba. Mas mainam kung mapanood mo sa Youtube ang *link* na ibinigay na halimbawa upang higit mo itong maunawaan.

### **Dula**

- Isang uri/akdang pampanitikan ng kilos at galaw sa tanghalan na naglalarawan ng isang kawil ng mga pangyayaring naghahayag ng kapana-panabik na bahagi ng buhay ng tao. Ito ay may sangkap tulad ng paunlad na paglalahad ng mga pangyayari, buhol o suliranin, at kakalasan o paliwanag sa suliranin.
- Pinakalayunin nitong itanghal ang mga tagpo sa isang tanghalan o entablado.

### **Mga Elemento ng Dula:**

Ang mga **aktor** o gumaganap ang nagsasabuhay sa mga tauhan sa iskrip. Sila ang bumibigkas ng dayalogo o bumibitaw ng mga linya. Sila rin ang nagpapakita ng iba't ibang damdamin na pinanonood ng mga tao sa tanghalan.

Ang **dayalogo** ang mga binibitawang linya ng mga aktor na siyang sandata upang maipakita at maipadama ang mga emosyon. Nagiging mas maganda at makapangyarihan ang dula kung may mga malalakas at nakatatagos na mga linyang binibitawan ng mga aktor.

Ang **direktor o tagadirehe** - ang nagpapakahulugan sa isang iskrip. Siya ang nag-i-interpret ng iskrip mula sa pagpapasya sa itsura ng tagpuan, damit o kasuotan ng mga tauhan hanggang sa paraan ng pagganap at pagbigkas ng mga tauhan.

Ang **iskrip** ang nagsisilbing kaluluwa ng isang dula. Ang lahat ng bagay na isinasaalang-alang sa dula ay naaayon sa isang iskrip kaya naman walang dula kapag walang iskrip. Sa iskrip nakikita ang banghay ng isang dula.

Ang mga **manonood** ang nagbibigay-halaga sa dula. Ang karaniwang target ng pagtatanghal ng dula ay ang mga manonood.

Ang **tanghalan** ay tumutukoy sa lugar kung saan napagpasyahang itanghal ang isang dula. Ang tanghalan ay maaaring isang kalsada, isang silid, o isang tahanan na napili upang pagtanghalan ng dula.



Ang **tema** ang pinakapaksa ng isang dula. Naiintindihan ng mga manonood ang palabas base na rin sa tulong ng pagtatagpi-tagpi ng mga sitwasyon, pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at pag-aarte ng mga aktor sa tanghalan. Ipinalalabas ang tunay na emosyon ng mga aktor sa tulong ng malinaw na pagkakabigay ng tema ng dula

**Mga Uri ng Dula:**

1. **Trahedy**- nagwawakas sa pagkasawi o pagkamatay ng mga pangunahing tauhan
2. **Komedy** - ang wakas ay kasiya-siya sa mga manood dahil nagtatapos na masaya sapagkat ang mga tauhan ay magkakasundo
3. **Melodrama** – kasiya-siya din ang wakas nito bagama't ang uring ito'y may malulungkot na bahagi
4. **Parsa** – ang layunin nito'y magpatawa at ito'y sa pamamagitan ng mga pananalitang katawatawa
5. **Saynete** – mga karaniwang ugali ang pinapaksa dito
6. **Dulang lisahing Yugto** – Ito ay isang maikling dula



**Suriin**

**Gawain 1.1 Panuto:** Nais kong mapanood mo ang maikling video na ito sa Youtube: <https://www.youtube.com/watch?v=wBKWaPNRX7Y> na pinamagatang “Dulang Trahedy.” Pagkatapos mong mapanood, ay maaari mo nang masagot ang mga katanungan. Ngunit kung wala kang celpon o access sa internet gumawa ng maikling dulang Trahedy pagkatapos ay sagutan ang Gawain 1.4

**Mga Tanong:**

1. Base sa pamagat ng dula na iyong napanood, naniniwala ka ba na isa itong uri ng trahedy? Oo o Hindi? Patunayan ang iyong sagot.

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_.

2. Paano sinimulan ang dula?

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_.

3. Sa mga naging elemento ng dula, alin sa napanood mo ang pinuri mo? Bakit?


Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

4. Sa iyong palagay, ano kaya ang tema ng dulang napanood mo?

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

5. Sa mga naging **dayalogo** ng mga gumanap (aktor/aktres), ano ang napupuna mong mga kakulangan o dapat pang linangin? Maaari mo itong bigyan ng puna.

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



## **Pagyamanin**

**Gawain 1.2** Alam kong may nararamdaman ka habang pinanonood mo ang maikling dula. Magbanggit ng mga damdamin/emosyon na iyong nararamdaman. Pagkatapos ay isaayos at pagsunod-sunurin mo ayon sa pinakauna hanggang sa huling nararamdaman mo. Isulat sa loob ng hugis-pusong guhit ang iyong sagot.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

**Gawain 1.3 Panuto:** Kung ikaw ang nasa katayuan ng pangunahing tauhan, at nangyayari sa iyo ang parehong sitwasyon, ano ang iyong gagawin? Isulat sa loob ng kahon ang iyong saloobin ukol dito.

## Ang Teleserye

- Ang *Philippine Drama*, o mas kilala bilang *teleserye* o *teledrama*, ay maaaring iuri sa iba't ibang anyo at genre. Ang teleserye o teledrama ay isang uri na napapanood sa telebisyon na karaniwang hindi makatotohanan o walang pawang pruweba na masasabing ito ay totoo. Nagmula ito sa dalawang salita na “tele”, pinaikling salita para sa “telebisyon”, at “serye”, salitang Tagalog para sa “series” at “drama” para naman sa drama.
- Ang salitang teleserye ay karaniwang ginagamit bilang pangkalahatang katawagan para samga Filipino soap operas sa telebisyon, bagaman nagging opisyal lamang ito noong taong 2000 nang unang ipinalabas ng ABS-CBN, isang Filipino network, ang teleseryeng pinamagatang “Pangako Sa ‘Yo”. Sa kabilang dako, tinatawag din naming “telenovela” ang mga Filipino soap operas.
- Ngunit, mula noong taong 2010, opisyal nang ginagamit ng GMA Network ang teledrama bilang pagkakakilanlan sa kanilang Philippine TV Series na may kinalaman sa drama.  
<https://tl.wikipedia.org/wiki/Teleserye>



## Isaisip


**Gawain 1.4** Alam kong marami ka na ring napapanood na teleserye. Maaari mo bang ipaalam kung aling teleserye ang pinakagusto mong palabas na sinusundan mo gabi-gabi? Lapatan mo lamang ng mga impormasyon ang bawat hinihingi sa ibaba.

Pamagat ng Teleserye: \_\_\_\_\_

Channel: \_\_\_\_\_

Araw/Oras ng Palabas: \_\_\_\_\_

Mga Tauhan Aktor/Aktres (Magtala ng tatlo hanggang lima)	Ipakilala Mo: Sino, Ano, Katangian



## Isagawa

**Panuto:** Napanood mo ba ang telesyeng ito? Ang “Meant To Be” na ilang beses na ipinalabas sa *primetime ng GMA* ay isa sa mga kinagiliwan ng mga mahihilig manood ng teleserye. Nais kong balikan mong panoorin gamit ng nakatalang *link* sa dakong ibaba ng larawan sapagkat may mga tanong na dapat mong sagutin.



**Mula sa Teleserye ng GMA “Meant To Be”  
(Episode: It’s Ligaw Time)**


<https://www.youtube.com/watch?v=aATYyYUQs5k>

(Hanapin sa Youtube)

**Gawain 1.5.**

**Panuto:** Basahin at sagutin ang bawat tanong sa loob ng kahon.

1. Sa lahat ng manliligaw ni “Billie” (Barbie Forteza), Sino ang pinakamagaling na umarte? Bakit? Patunayan ang iyong sagot.
2. Sino sa apat na nagkagusto sa kanya ang gusto mong makatuluyan ni Billie? Pangatwiran mo ang iyong sagot.
3. Magbigay-puna sa tanghalan (set) ng nasabing teleserye: kahandaan, espasyo, kulay, liwanag, lawak at iba pa. Mas mainam kung mapanood mo ang iba pang episode upang matuklasan at masuri kung saan madalas ginaganap.



## Tayahin

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang mga pahayag at tukuyin ang angkop na sagot na nasa loob ng kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot.

<b>A. VOLYUM</b>	<b>B. LINYA</b>	<b>C. KULAY</b>	<b>D. HUGIS</b>
<b>E. ESPASYO</b>	<b>F. TEKSTURA</b>	<b>G. VALYU</b>	

- \_\_\_\_\_ 1. Ito ay tuwid, kurbado, maalon at zigzag na linya ay maaring maglinaw ng direksyon o makapagpapahiwatig ng namamayaning damdamin at intension ng kapwa sining at manlilikha nito.
- \_\_\_\_\_ 2. Pagtitimpla na ang resulta ay maaring mapusyaw o matingkad. May tatlong katangian ito: hue, saturasyon at katingkaran
- \_\_\_\_\_ 3. Ang balangkas ng isang bagay; nagtatanghal ay naghuhugis din ng mga senaryo ng kalungkutan, kasa-wian, kasiyahan, kalayaan at tagumpay
- \_\_\_\_\_ 4. Positibo at negatibong lugar; kaayusan ng mga detalye sa isang komposisyon at sa kinalalagyan nito sa loob ng isang establesimyento o pampublikong espasyo.
- \_\_\_\_\_ 5. Maaaring makinis, magaspang, madulas, makapal o manipis.

### **B. Magbigay ng limang uri ng isang dula**

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.



## Karagdagang Gawain

Alamin ang kahulugan ng shadow play at puppet show. Ihanda para sa susunod na aralin. Maaari ka ring manood ng mga ito sa Youtube.





## **Subukin**

### **Panimulang Pagtataya**

**Panuto.** Sagutin mo muna ang mga tanong bilang pagsusuri sa iyong kaalaman.

**A. Ibigay ang kahulugan ng sumusunod. Tatlong puntos bawat tamang sagot.**

1. Shadow play –

2. Puppet show-

**B. Magtala ng limang uri ng puppet na ginagamit sa puppet show.**

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

**Aralin**

**2**

# **Ang Sining Panteatro: Shadow Play at Puppet Show**



**Balikan**

**Panuto:** Ang mga sumusunod na aralin ay karugtong ng mga napag-aralan mo na sa nakaraang linggo. Ilan lamang ang dula, teleserye at ang mga karagdagang impormasyon na mapupulot mo sa araling ito tulad ng shadow play at puppet. Bago mo ipagpapatuloy, sagutin mo muna ang katanungan sa ibaba.

**Gawain 2.1** Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod:

1. Dula

---

---

---

---

---

2. Teleserye

---

---

---

---

---



## Tuklasin

Ngayon, kailangang mas maging aktibo ka sa mga pag-aaralan na aralin. Basahin mo ang nilalamang pampagkatuto ukol sa *shadow play* at *puppet show*.

### Ang Shadow Play o Karilyo

- Ang pag-play ng *shadow* na kilala rin bilang anino ng pagkakatawang-tao. Isang sinaunang anyo ng *storytelling* at entertainment na gumagamit ng *flat articulated cut-out figure* (anino puppets) na gaganapin sa pagitan ng isang pinagmulan ng liwanag at isang *translucent screen*.
- Ang mga hiwa-hugis ng mga puppet minsan ay may kasamang translucent na kulay o iba pang mga uri ng detalya.
- Maaaring makamit ang iba't ibang mga epekto sa pamamagitan ng paggalaw sa parehong mga puppets at sa liwanag na mapagkukunan.
- Ang isang mahuhusay na *puppeteer* ay maaaring gumawa ng mga numero lumitaw sa paglalakad, sayaw, labanan, tumango at tumawa.
- **Panoorin ang bidyu sa Youtube:** 1. "By: El Gamma Penumbra"

[https://www.youtube.com/watch?v=oRWy5p9YzKI&fbclid=IwAR2SvFwF-7\\_vn979aB5jYt0aKyXpxfT1Fzqpq3W8ZovjRTmGqmGCOBqsgw](https://www.youtube.com/watch?v=oRWy5p9YzKI&fbclid=IwAR2SvFwF-7_vn979aB5jYt0aKyXpxfT1Fzqpq3W8ZovjRTmGqmGCOBqsgw) Pwede ring panoorin ang mga ito:

- Isang Do-It-Yourself (DIY) na pwedeng gawin sa loob ng iyong bahay.

<https://www.youtube.com/watch?v=BHw-4UOc40>  
<https://www.youtube.com/watch?v=FEmaXZUM9Rw>

### Ang Puppet o puppet show

- isang nilalarong bagay o laruan na maaaring kontrolin kadalasan ng gamit ang kamay o daliri.

Iba-iba ang uri ng puppet, at ilan lamang ang mga larawang ito:

#### Mga uri ng Puppet na Pantanghal



<https://bit.ly/2VB9ZzD>

Finger Puppet – pinakapayak na puppet na isinusuot lamang sa daliri.



<https://bit.ly/3dOgPYD>

Sock Puppet- nalikha gamit ang medyas.



<https://bit.ly/31yAskV>

Carnival Puppet – isinusuot sa buong katawan ng puppeteer.

➤ Panoorin ang bidyu sa Youtube mula sa link na ito  
<https://www.youtube.com/watch?v=BnFdE7IbaBE>



## ***Suriin***

**Gawain 2.2** Batay sa napanood mong bidyu ukol sa “DIY shadow play” (karilyo) isalaysay kung paano pinaghandaan ng gumawa nito. Siguraduhing maayos ang iyong pagkakasalaysay pati na rin ang mga salita, bantas at baybay. Lagyan mo ng pamagat


---

<b>KRAYTIRYA / PAMANTAYAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY</b>	
Nilalaman	20%
Kaugnayan sa Tema	10%
Paggamit ng Salita at Bantas	10%
<b>Kabuuan</b>	<b>40%</b>

### **Gawain 2.3**

1. Batay sa nakikita mo sa larawan ng mga puppets, ano ang napuna mo sa mga ito base sa panlabas na anyo at katangian nito batay sa elemento ng sining:


- A. Linya
- B. Kulay
- C. Hugis



### ***Pagyamanin***

#### **Gawain 2.4**

Gumawa ng sariling puppet. Habang inihahanda mo ito, kunan mo ng larawan kung paano mo ito pinaghandaan at isinagawa hanggang sa matapos. Kailangang pansinin at sundin ang mga elemento ng sining upang maging masining ang resulta nito. Isumite sa iyong guro at maaari mo ring ipaskil sa inyong *group chat/page*.



### ***Isaisip***

#### **Gawain 2.5**

Ilarawan kung paano naiiba ang shadow play sa puppet show.

1. Shadow Play

---



---



---

2. Puppet Show


---



---



---



## ***Isagawa***

**Tanong:**

Sa iyong palagay, ano ang maidudulot ng palabas na shadow play at puppet show sa iyo? Ano-anong emosyon ang iyong nararamdaman. Bigyang-pagpapahalaga.

<b>KRAYTIRYA / PAMANTAYAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY</b>	
Nilalaman	(20%)
Kaugnayan sa Tema	(10%)
Paggamit ng Salita at Bantas	(10%)
<b>Kabuuan</b>	<b>(40%)</b>

## Paglalagom

### Dula

- isang uri/akdang sa pampanitikan ng kilos at galaw sa tanghalan ay naglalarawan ng isang kawil ng mga pangyayaring naghahayag ng kapana-panabik na bahagi ng buhay ng tao. Ito ay may sangkap tulad ng paunlad na paglalahad ng mga pangyayari, buhol o suliranin, at kakalasan o paliwanang sa suliranin.

### **Mga Elemento ng Dula:**

Ang mga **aktor** o gumaganap ang nagsasabuhay sa mga tauhan sa iskrip. Ang **dayalogo** ang mga binibitawang linya ng mga aktor na siyang sandata upang maipakita at maipadama ang mga emosyon.

Ang **direktor o tagadirehe** - ang nagpapakahulugan sa isang iskrip. Siya ang nag-i-interpret ng iskrip mula sa pagpapasya sa itsura ng tagpuan, damit o kasuotan ng mga tauhan hanggang sa paraan ng pagganap at pagbigkas ng mga tauhan.

Ang **iskrip** ang nagsisilbing kaluluwa ng isang dula.

Ang mga **manonood** ang nagbibigay – halaga sa dula. Ang karaniwang target ng pagtatanghal ng dula ay ang mga manonood.

Ang **tanghalan** ay tumutukoy sa lugar kung saan napagpasyahang itanghal ang isang dula. Ang tanghalan ay maaaring isang kalsada, isang silid, o isang tahanan na napili upang pagtanghalan ng dula.

Ang **tema** ang pinakapaksa ng isang dula. Naiintindihan ng mga manonood ang palabas base na rin sa tulong ng pagtatagpi-tagpi ng mga sitwasyon, pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari at pag-aarte ng mga actor.

### **Mga Uri ng Dula:**

**Trahedya, Komedyang, Melodrama, Parsa, at Dulang lisahing Yugto**


### **Ang Teleserye**

- Ang *Philippine Drama*, o mas kilala bilang *teleserye* o *teledrama*, ay maaaring i-uri sa iba't ibang anyo at genre. Ang teleserye o teledrama ay isang uri na napapanood sa telebisyon na karaniwang hindi makatotohanan o walang pawang pruweba na masasabing ito ay totoo. Nagmula ito sa dalawang salita na “tele”, pinaikling salita para sa “telebisyon”, at “serye”, salitang Tagalog para sa “series” at “drama” para naman sa drama.

**Shadow Play-** kilala rin bilang anino ng pagkakatawang-tao. Isang sinaunang anyo ng *storytelling* at entertainment na gumagamit ng *flat articulated cut-out figure* (anino puppets) na gaganapin sa pagitan ng isang pinagmulan ng liwanag at isang *translucent screen*.

**Puppet Show-** isang nilalarong bagay o laruan na maaaring kontrolin kadalasan ng gamit ang kamay o daliri.

**(Finger puppet, Sock puppet, Hand puppet, at Carnival puppet)**



## **Tayahin**

**A. Panuto.** Magtala ng limang uri ng puppet na ginagamit sa puppet show.

1.

2.

3.

4.

5.

**B.** Suriin at isipin mong mabuti ang katanungang ito.

May dalawang kahulugan ang pagiging isang “Puppet.” Kapag tinatawag ka o pinagsabihan na ikaw ay isang “Puppet” ng isang tao o grupo, ano ang ibig sabihin nito? Ipaliwanag ang iyong pagkakaunawa rito.





## ***Karagdagang gawain***

Upang hindi ka mahuli, mas mainam na maisagawa mo ang anumang iaatas sa iyo. Kaya, para laging handa, magsaliksik at alamin ang mga etika sa pagsusulat ng isang sulatin.

**Binabati Kita!**



# Susi sa Pagwawasto

**ARALIN 1**

**Panimulang Pagtataya**

A. 1. Actor 2. Iskrip 3. Director 4. Manonood 5. tanghalan

B. Maaaring magkapalitan (trahedy, komedya, melodrama, parsa, saynete, dulaang iisahing yugto )

Gawain 3.1	Nasa guro ang pagpapasya
Gawain 3.2	Nasa guro ang pagpapasya
Gawain 3.3	Nasa guro ang pagpapasya
Gawain 3.4	Nasa guro ang pagpapasya
Gawain 3.5	Nasa guro ang pagpapasya

**Tayahin**

1. B 1. C 3. D 4. E 5. F

**ARALIN 2**

**Panimulang Pagtataya**

A.1. **Shadow Play** Ang pag-play ng *shadow* na kilala rin bilang anino ng pagkakatwang-tao. Isang sinaunang anyo ng *storytelling* at entertainment na gumagamit ng *flat articulated cut-out figure* (anino puppets) na gaganapin sa pagitan ng isang pinagmulan ng liwanag at isang *translucent screen*.

2. **Puppet Show**- isang nilalarong bagay o laruan na maaaring kontrolin kadalasan ng gamit ang kamay o daliri.

B. (Finger puppet, Sock Puppet, Hand Puppet, Carnival, at Blacklight Puppet)

Gawain 2.1	Guro ang magpapasya batay sa kraytiryang inihanda
Gawain 2.2	Guro ang Magpapasya
Gawain 2.3	Nasa guro ang pagpapasya at para sa karagdagang panuto
Gawain 2.4	Nasa guro ang pagpapasya
Gawain 2.5	Guro ang magpapasya batay sa kraytiryang inihanda

**Tayahin**

A. (Finger puppet, Sock Puppet, Hand Puppet, Carnival, at Blacklight Puppet)

B. Nasa guro ang pagpapasya

## ***Mga Sanggunian:***

### **A. Aklat**

Baisa, Ailene G. & Lontoc, Nestor S. Pluma : Wika at Panitikan II, 927  
Quezon Ave., Quezon City, Phoenix Pub. House 2004

Garcia, Fanny A., & Geronimo, Jonathan V. Filipino sa Piling Larangan  
(Sining at Disenyo), 856 Nicanor Reyes Sr. St., Sampaloc, Manila, Rex  
Bookstore, Inc. 2017

### **B. Website**

<https://www.youtube.com/watch?v=BHw-4UOc40>

<https://www.youtube.com/watch?v=FEmaXZUM9Rw>

<https://tl.wikipedia.org/wiki/Disenyo>

[https://www.youtube.com/watch?v=oRWy5p9YzKI&fbclid=IwAR2SvFwF-](https://www.youtube.com/watch?v=oRWy5p9YzKI&fbclid=IwAR2SvFwF-7_vn979aB5jYt0aKyXpxfT1Fzqpq3W8ZovjRTmGqmGCOBqsgw)

[SvFwF-7\\_vn979aB5jYt0aKyXpxfT1Fzqpq3W8ZovjRTmGqmGCOBqsgw](https://www.youtube.com/watch?v=oRWy5p9YzKI&fbclid=IwAR2SvFwF-7_vn979aB5jYt0aKyXpxfT1Fzqpq3W8ZovjRTmGqmGCOBqsgw)

<https://prezi.com/p/-lb2e2eg4aa-/sining-panteatro>

<https://www.slideshare.net/ladychu08/dula-15515688>

<https://www.youtube.com/watch?v=BnFdE7lbaBE>

<https://brainly.ph/question/389161>

[https://www.youtube.com/watch?v=oRWy5p9YzKI&fbclid=IwAR2SvFwF-](https://www.youtube.com/watch?v=oRWy5p9YzKI&fbclid=IwAR2SvFwF-7_vn979aB5jYt0aKyXpxfT1Fzqpq3W8ZovjRTmGqmGCOBqsgw)

<https://www.youtube.com/watch?v=wBKWaPNRX7Y>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

DepEd Division of Cagayan de Oro City

Fr. William F. Masterson Ave Upper Balulang Cagayan de Oro

Telefax: ((08822)855-0048

E-mail Address: [cagayandeoro.city@deped.gov.ph](mailto:cagayandeoro.city@deped.gov.ph)